

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Tumatanggap ngayon ang Brampton Fire ng mga aplikasyon para sa George Hitchcock bursary at nagre-recruit ng bagong mga bumbero**

BRAMPTON, ON (Marso 1, 2022) – Tumatanggap ang Brampton Fire and Emergency Services ng mga aplikasyon para sa George Hitchcock Memorial Endowment Fund. Ang taunang bursary program na ito ay iniaalok sa mga indibidwal na interesado sa pagpapatuloy sa karera sa serbisyo ng bumbero.

Para maging kwalipikadong mag-aplay, ang interesadong mga aplikante ay kailangang:

- Isang residente ng Brampton, isang citizen ng Canada at kwalipikadong magtrabaho sa Canada
- Nag-aaral sa isang school diploma matapos ang sekondaryo sa Ontario sa isang programang kaugnay ng bumbero
- Magsumite ng nakumpletong form ng aplikasyon bago lumipas ang Abril 15

Available ang mga aplikasyon sa [bramptonfire.com](http://bramptonfire.com) at maaaring isumite sa [firelife@brampton.ca](mailto:firelife@brampton.ca). Tatanggapin ang mga aplikasyon hanggang Abril 15 o hanggang matanggap ang pinaka-maraming 30.

Ang mga mapiling kandidato ay iimbitahan na sumali sa isang interbyu, at isang aplikante ang pipiliin para sa \$1,000 bursary, na diretsong ibabayad sa kanilang kursong pinag-enrolan. Ang matagumpay na aplikante ay kailangang magbigay ng patunay ng pagkakatanggap sa isang school program matapos ang sekondaryo sa Ontario.

Ang George Hitchcock Memorial Endowment Fund ay itinatag noong 2014 bilang parangal sa namayapang si Division Chief George Hitchcock, na naglingkod sa Brampton Fire and Emergency Services team sa loob ng 33 taon. Si Hitchcock ay napakahalaga sa pagtatatag sa Fire/Life Safety Education Division, na instrumento sa pagbibigay ng edukasyon sa kaligtasan sa sunog sa libo-libong residente bawat taon.

Para sa karagdagang impormasyon at para mag-aplay, bisitahin ang [bramptonfire.com](http://bramptonfire.com)

### **Recruitment**

Ang Brampton Fire and Emergency Services ay kasalukuyang nagre-recruit ng bagong mga bumbero. Ang mga aplikasyon ay tatanggapin hanggang Marso 21. Ang mga aplikante na interesadong mas matuto pa tungkol sa karera sa fire services ay iniimbitahan na sumali sa isang Birtwal na Sesyon sa Impormasyon sa Karera sa Marso 9 sa 6 pm. Mag-register para dumalo sa [bramptonfire.com](http://bramptonfire.com)

Para sa karagdagang impormasyon sa isang karera sa Brampton Fire and Emergency Services, bisitahin ang [bramptonfire.com](http://bramptonfire.com)

**Mga Quote**

“Ang ating Brampton Fire and Emergency Services team ay binubuo ng mga indibidwal na committed sa kaligtasan ng komunidad at sa sunog. Si George Hitchcock ay isang inspirational na kasapi ng team at hinihikayat ko ang mga kwalipikadong Bramptonian na gusto ang karera sa fire services na mag-aplay para sa oportunidad na ito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Fire and Emergency Services team ay humigit at lumampas pa araw-araw para mapanatiling ligtas ang ating komunidad at makapag-ambag sa pagiging Nakakalusog at Ligtas na Lungsod ng Brampton. Committed din sila sa pagbuo ng isang team na diverse, nagsasali sa lahat, at naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran nila. Magandang makita ang pagbabalik ng taunang bursary program para mabigyan ng pagkakataon para sa suporta ang ating bagong prospektibong bumbero.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Si Division Chief George Hitchcock ay maalab na kampeon para sa mga serbisyo sa sunog at sa kaligtasan ng komunidad. Isang karangalan na ialok ang bursary na ito para sa legacy ng kanyang mga ambag sa Brampton Fire and Emergency Services team at para makatulong sa pagsuporta sa isang nagnanais maging bumberor.”

- *Bill Boyes, Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

“Walang pagod na nagtatrabaho ang Brampton Fire and Emergency Services para bigyang kaalaman at protektahan ang komunidad. Hinihikayat ko ang mga residente na interesado sa pagkuha ng karera sa fire services na mag-aplay para sa kapana-panabik na pagkakataon na ito para maging bahagi ng kahanga-hangang team at magbalik-bigay sa komunidad ng Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)